（フィリピノ語）

# Simula sa Oktubre 1, 2023, binago na ang singil sa pang-komersyal na garbage disposal sticker para sa mga basurang galing sa kalakal




Pagbabago sa Oktubre 2023

| Uri ng sticker | Dating singil | Singil pagkatapos ng pagbabago | Diperensiya sa halaga |
|---|---|---|---|
| 10 liter sticker (1 set, 10 pcs) | 760 yen | **870 yen** | 110 yen (11 yen bawat piraso) |
| 20 liter sticker (1 set, 10 pcs) | 1,520 yen | **1,740 yen** | 220 yen (22 yen bawat piraso) |
| 45 liter sticker (1 set, 10 pcs) | 3,420 yen | **3,910 yen** | 490 yen (49 yen bawat piraso) |
| 70 liter sticker (1 set, 5 pcs) | 2,660 yen | **3,045 yen** | 385 yen (77 yen bawat piraso) |

**Sanhi ng pagbabagong nabanggit, simula sa Nobyembre 2023 ay hindi na maaaring gamitin ang lumang garbage disposal sticker (na binago noong Oktubre 2017) na nasa dating singil o halaga.**

**Dating garbage disposal ticket**




## Kung may hawak na komersyal na garbage disposal sticker na nasa dating singil o halaga:


**Ang garbage disposal sticker na nasa dating singil (na binago noong Oktubre 2017) ay maaaring gamitin sa pamamagitan ng “1. Pagpapalit sa diperensiya ng halaga” o “2. Pagbigay ng refund”**

### 1. Pagpapalit sa diperensiya ng halaga

Sa reception counter, pakibayaran ang diperensiya ng halaga sa “dating singil” at “bagong singil” at papalitan ang lumang garbage disposal sticker sa bagong sticker. Maaaring palitan ang isang piraso bawat beses. (Tinatanggap lamang ang cash sa pagbayad)

◆ **Mga bagay na kinakailangan para gawin ang proseso o pamamaraan:**
**Garbage disposal sticker sa dating singil, cash para sa diperensiya ng halaga**

*Pakisulatan ang application form sa counter.




## 2. Pagbigay ng refund

Ipagkakaloob ang refund kung hindi na kailangang palitan ang diperensiya sa halaga para sa bagong sticker sanhi ng paghinto ng kalakal, at iba pa.
Isasagawa ang bank transfer sa itinakdang bank account sa susunod na mga araw. Hindi maaaring gawin ang cash refund sa reception counter.

◆ **Mga bagay na kinakailangan para gawin ang pamamaraan:**
**Ang lumang garbage disposal sticker, waste disposal fee refund request form, bank transfer form**
(Bilang patakaran, kailangang nakatatak ang personal seal o stampa ng nagsasagawa ng kahilingan para sa request form, at iba pang dokumento.)

* Ang mga dokumento ay maaaring isumite sa pamamagitan ng koreo. Ipapadala ng siyudad ang mga dokumentong kinakailangan, kaya pakihiling ang mga ito.




## 3. Pagpapalit, pag-refund sa diperensiya ng halaga/deadline ng aplikasyon

**Hanggang Oktubre 31, 2028 (Martes)**

Tandaan lamang na hindi maaaring tanggapin ang aplikasyon pagkatapos ng deadline.

### Reception Counter / Mailing Address

- **Waste Reduction Control Section, Environment Division, Suginami City Office　Tel: 03-3312-2111 (Main)**
  (Counter No. 4, 7th Floor, West Building, Suginami Ward Office, 1-15-1 Asagaya Minami, Suginami City)

- **Suginami Waste Collection Office　Tel: 03-3392-7281**
  (5-15-20 Narita Higashi, Suginami Ward)
  * Hindi maaaring tanggapin ang aplikasyon sa Suginami Waste Collection Office Honan Branch, convenience stores, supermarkets, o sa iba pang nangangasiwang lokasyon.
  Pakigawa ang pamamaraan sa counter ng ward office na nakalista sa itaas.